EVERY TRIBE EVERY NATION

# Pag-asa ng Lahat ng Bansa

**WEEK 1**

## WARM-UP

- Sino para sa iyo ang pinakamahusay na halimbawa ng isang mabuting tagapakinig? Ano ang nararamdaman mo kapag nakikipag-usap ka sa taong ito?
- Naranasan mo na bang magligtas ng hayop? Anong nangyari?
- Alalahanin ang isang pagkakataong ginawa mo ang isang bagay na alam mong tama, kahit na hindi ito kapaki-pakinabang para sa iyo. Ano ang naging resulta nito?

## WORD

*O Diyos na aming Tagapagligtas, tinugon n'yo ang aming mga dalangin sa pamamagitan ng inyong kamangha-manghang pagliligtas sa amin. Kayo ang pag-asa ng tao sa lahat ng lupain at maging ng manlalayag sa malawak na dagat.* **SALMO 65:5**

Makikita natin ang iba't ibang kuwento ng kahanga-hangang mga gawa ng Diyos sa buong Kasulatan. Ipinahayag dito ng Salmista na itinatag ng Diyos ang mga bundok sa pamamagitan ng Kanyang lakas at pinatahimik Niya ang ingay ng mga alon, ang hampas ng karagatan. Siya ay isang dakilang Diyos na karapat-dapat tumanggap ng lahat ng adorasyon, pagsamba, at papuri mula sa lahat ng tao at sa lahat ng bansa. Dahil sa kung sino ang Diyos, Siya *ang pag-asa ng tao sa lahat ng lupain*. Sa araw na ito, titingnan natin kung ano ang sinasabi ng Kasulatan tungkol sa Diyos at kung bakit tayo maaaring umasa sa Kanya.

## 1 Nakikinig ang Diyos.

*Sa inyo lalapit ang lahat ng tao, dahil dinidinig n'yo ang mga panalangin.* **SALMO 65:2**

Gumiginhawa ang pakiramdam natin dahil sa kaalaman na sa labis na pagmamahal sa atin ng Diyos, pinagtutuunan Niya ng pansin ang ating mga hinaing. Hindi Siya nagbibingi-bingihan kapag tayo ay nananalangin, o kaya'y nagkakaroon ng paborito. Nakikinig Siya sa mga panalangin. Dahil dito, maaari tayong lumapit sa Kanya nang may katiyakang maaari tayong humingi ng tulong sa Kanya sa lahat ng oras, anuman ang ating nakaraan, lahi, o kultura. Ang tiwala natin ay nakasalalay hindi lamang sa katotohanang naririnig Niya tayo, kundi sa katotohanang Siya ay isang makapangyarihang Diyos na maaaring kumilos para sa ating ikabubuti. Ibahagi ang isang panahon kung kailan pinakinggan at tinugon ng Diyos ang iyong mga panalangin.

## 2 Nagliligtas ang Diyos.

*[3]Napakarami ng aming kasalanan, ngunit pinapatawad n'yo pa rin ang mga ito. [4]Mapalad ang taong pinili n'yo at inanyayahang manirahan sa inyong templo. Lubos kaming magagalak sa mga kabutihang nasa inyong tahanan, ang inyong banal na templo.* **SALMO 65:3–4**

Nais ng Diyos na ilapit ang mga tao sa Kanya dahil gusto Niyang magkaroon ng personal na ugnayan sa atin. Ngunit inilalayo tayo ng ating mga kasalanan sa Kanya. Gaya ng sabi ng Salmista, ang ating mga pagkakasala ay maaaring manaig sa atin. Alam ng Diyos na hindi natin kayang iligtas ang ating mga sarili. Kaya ipinadala Niya si Jesus, ang Kanyang Anak, para mapatawad ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng pagkamatay sa krus upang bayaran ang kabayaran para sa ating mga pagkakasala. Sa pamamagitan ni Jesus, matatanggap natin ang kapatawaran ng Diyos na ibinibigay Niya nang walang hinihinging kabayaran upang mapalapit tayo sa Kanya. Maaari tayong umasa sa Diyos na Siyang gumawa ng paraan upang

tayo ay maligtas, makasama Niya, at masiyahan sa Kanyang kabutihan. Ano ang sinasabi ng Efeso 2:4–5 tungkol sa kung paano tayo inililigtas ng Diyos?

### 3 Gumagawa ang Diyos ng mga matuwid na gawa.

*O Diyos na aming Tagapagligtas, tinugon n'yo ang aming mga dalangin sa pamamagitan ng inyong kamangha-manghang pagliligtas sa amin. Kayo ang pag-asa ng tao sa lahat ng lupain at maging ng manlalayag sa malawak na dagat.* **SALMO 65:5**

Ipinapaalala sa atin ng talatang ito na ang Diyos ay matuwid. Ginagawa Niya ang tama. Sa tuwing sinasagot Niya ang ating mga panalangin, ginagawa Niya ito sa paraang nagbibigay ng pagkamangha at pag-asa sa mga puso ng Kanyang mga mamamayan. Minsan, hindi natin alam kung ano ang hinihiling natin kapag tayo ay nananalangin. Ngunit alam ng Diyos kung ano ang kailangan natin bago pa man natin ito hingin sa Kanya. Alinsunod sa Kanyang matuwid na kalooban, ibinibigay sa atin ng Diyos kung ano ang kailangan natin kung kailan natin ito kakailanganin. Maaari tayong umasa sa Diyos na ginagawa kung ano ang mabuti para sa atin. Ayon sa 2 Corinto 5:21, sa paanong paraan tinutugunan ng Diyos ang ating mga pangangailangan nang may katuwiran? Paano nakapagbibigay ang kaalamang ito ng pag-asa sa atin?

Sinasabi sa Colosas 1:5–6 na ang ating pag-asa ay *inilaan* para sa atin sa langit. Dahil sa ebanghelyo—ang pagkasilang, buhay, at kamatayan ni Jesu-Cristo—ang ating puso ay puno ng pag-asa at pananabik na makakapiling natin ang Diyos nang walang hanggan, magbibigay ng papuri at pagsamba sa Kanya para sa lahat ng pagmamahal at kabutihang ipinagkaloob Niya sa atin sa lupa. Ito ang pag-asa na hatid natin sa lahat ng bayan sa mundo.

## APPLICATION

- Paano mababago ng kaalamang ang Diyos ay matuwid at ginagawa Niya kung ano ang tama, ang paraan mo ng pagtugon sa lahat ng bagay na nangyayari sa iyong buhay?
- Magsulat ng isa o dalawang bagay na kasalukuyan mong ipinapanalangin. Anong sinasabi ng Kasulatan tungkol sa mga ito? Maghanap ng talata mula sa Salita ng Diyos na maaari mong kabisaduhin at patuloy na ibigay sa Diyos ang iyong mga alalahanin nang buo ang pagtitiwala na naririnig ka ng Diyos.
- Anong pagbabago ang inaasahan mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, o komunidad? Patuloy na hangaring maipahayag ang katuwiran ng Diyos sa mga bahaging ito at ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataong maibahagi ang pag-asa na mayroon ka kay Cristo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pakikinig Niya sa mga hinaing ng ating mga puso. Ipanalangin na palakasin Niya ang iyong pananampalataya at iayon Niya ang iyong mga panalangin sa sinasabi ng Kanyang mga salita.
- Ipanalangin na sa mga sitwasyong kinakaharap mo ngayon, makaranas ka ng kaginhawaan sa kaalaman na ang Diyos ay matuwid at ginagawa Niya kung ano ang tama. Ipanalangin na matatag kang magtitiwala sa Diyos anuman ang nangyayari sa iyong paligid.
- Ipagdasal ang isang taong nasa mahirap na sitwasyon at nangangailangan ng pag-asa. Hilingin sa Diyos na gamitin ka upang maipadama ang pagmamahal Niya sa taong ito ngayong linggo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Ian Susi, Madel Vanguardia

victory.org.ph